

# 1

Pinagpapawisan siya nang malamig. Pakiwari ni Clara ay namamanhid na ang buo niyang katawan, wala na siyang ibang maramdaman maliban sa malakas na tibok ng kanyang puso. Sa sobrang kaba at takot ay pakiwari niya hihimatayin siya anumang sandali. Gusto nang maglaho ng dalaga habang kasulukuyang nakatayo sa harapan ng buong klase at ginigisa ng mga nakakamatay na tanong ng Calculus professor.

Isang parusa ang recitation para sa kanya. Masyadong siyang mahiyain at walang tiwala sa sarili para sa mga ganitong bagay. Tapos, sa Math pa? Aminado siyang hindi siya binigyan ng talino pagdating sa subject na nabanggit. Mataas naman ang mga grado niya sa ibang subjects, pero sawing-palad pagdating sa Math. Kadalasan ay sabit lang ang grado ni Clara at utang pa iyon sa mga himala ng langit, hindi mabilang na nobena at kaunting swerte.

Ngunit sa pagkakataong ito nagsarado ng bintana ang langit para sa dalangin niya. Ang kaunting swerte ay naubos na rin. Hindi niya

masagot kahit isa sa mga tanong ng propesora na kanina pa umiinit ang ulo.

“Miss Clara Claveria, tatayo ka na lang ba diyan buong araw?” muling sigaw ni Mrs. Santos, na sa inis ay ipinukpok ang hawak na class record sa mesa.

Nakadagdag sa kaba ni Clara ang matinis na boses ng propesora at ang malalakas na tawanan ng mga kaklase. “D-di... Di ko po alam ang s-sagot,” nauutal na turan ng dalaga.

Lalong lumakas ang tawanan ng mga kaklase niya dahil doon.

“D-di k-ko alam ang s-s-sagot?” eksaheradong paggaya ng guro sa paraan ng pagsasalita ni Clara. “Miss Claveria, ikaw na lang sa buong klase ang hindi nakakaintindi niyan. Isang linggo ko nang paulit-ulit na itinuturo ’yan. Kung ano ang itinalino ng boyfriend mo, siya namang kabaliktaran mo. Sige, umupo ka na!”

Hindi na naglakas-loob si Clara na magangat pa ng tingin. Pagkaupo ay agad binuklat ang libro at sinubukang hanapin ang sagot sa tanong ng guro ngunit ang totoo ay gusto niyang magkubli at iiyak ang sakit at kahihyan

na nararamdaman.

“Clara, naiwan mo ang dila mong utal-utal sa blackboard, baka matapakan ni Ma’am,” sigaw ng isa sa mga kaklase niya na sinegundahan ng tawa ng lahat.

“May pupuntahan siguro kaya nagmamadali magsalita,” kantiyaw pa ng isa.

“Class, tama na ’yan!” sigaw ng guro at tiningnan siya. “Kumuha ka ng papel. Bibigyan kita ng exam.”

“P-pa-papel? A-a-ako l-lang po?” natatarantang tanong ni Clara. Nagkandahulog ang ilang gamit niya sa pagmamadaling makahanap ng papel.

“Aba, oo naman. Ikaw lang naman ang bobo dito.”

Kahit na nangingilid ang luha’t hindi maintindihan ang mga dinidiktang tanong ay sinubukan niyang isulat at sagutan ang mga tanong ng guro. Sa kabila ng sakit na nararamdaman, pinilit niyang magpakamanhid. Nagdasal na lamang na sana ay bumilis ang takbo ng oras para makaalis sa imperyernong kinalalagyan.

*Pangarap Ko ang Pag-ibig Mo by Cleo Moreno*

---

Mula sa labas ng silid, sa may bintana, may isang pares ng mga matang may naghahalu-halong emosyon—galit para sa mga malulupit na estudyante at awa sa dalagang walang kibo sa gitna ng mga pang-aasar at pangungutya. Kung lumingon lang sana si Clara makikita niya na mayroong siyang karamay sa sandaling iyon.

\*\*\*\*\*

Hanggang sa tanghalian ay sariwa pa sa alaala ni Clara ang nangyari sa kanyang huling klase at talaga namang hiyang-hiya siya. Ngayon naman, hindi niya alam kung sisiputin ba siya o hindi ng boyfriend na si Mark sa lunch date nila. Napabuntong-hininga si Clara, gustong mainis sa sarili. Heto na nga't tagilid siya sa isang subject pero mas inaalala niya pa ang kanyang lunch date. Pero papaano ba niya masisi ang sarili, kung hindi lang dahil kay Mark ay hindi na sana niya gustong pumasok pa sa eskwela.

Ilang buwan pa lang sila magkasintahan ng lalaki at ang mga panahong iyon ang pinakamasasayang araw ng buhay niya. Aminado siyang suntok sa buwan ang pagiging

*Pangarap Ko ang Pag-ibig Mo by Cleo Moreno*

---

magkasintahan nila, hindi niya nga akalain na mapapansin siya ng boy genius ng campus. But one beautiful day, Mark approached her and asked her if they could be friends. Sino ba naman ang makakatangi sa lalaki na matagal na niyang sinusundan ng tingin? Hanggang sa manligaw ito at sinagot naman niya. Halos malaglag sa kinauupuan ang mga kaklase niyang babae nang makita ng mga itong sinusundo siya ni Mark tuwing uwian. Ang love story nila ay ang classic example ng isang fairy tale. She was the princess in distress and Mark was her Prince Charming and knight in shining armor.

Napangiti si Clara sa kanyang matamis na day dreaming. Muli siyang sumulyap ang pintuan ng kantina, ang usapan nila ni Mark ay sabay silang manananghalian ngunit halos isang oras na ang lumipas ay wala pa rin ang nobyo. Kahit nakadadama ng tampo ay binalewala ni Clara ang paghihintay.

Sa kalagitnaan ng day dreaming ni Clara ay nakuha ng malakas na tawanan ng mga babae sa kabilang lamesa ang atensyon niya. Sinundan niya ng tingin kung ano ba ang pinagkakaguluhan ng mga ito at nang makita

kung sino ang tinitignan ng mga babae ay hindi na rin nasorpresa si Clara kung bakit kilig na kilig ang grupo.

Nasa lalaking nag-iisang kumakain sa katapat lang niyang lamesa ang tingin ng lahat sa kantina. Wala itong pakialam sa mga bulungan at hindi maitagong paghanga ng mga tao sa paligid, kasama na pati mga tindera.

“Ang gwapo talaga. Gagawin ko lahat maangkin ko lang siya,” pilyang biro ng isang babae at sinegundahan naman ng tawanan ng mga kinikilig na kabarkada.

“Sorry ka, pero hindi ang tipo mo ang gugustuhin niya. Syempre namimili ’yan at ang tipo kong mala-modelo lang ang pwede sa kanya,” kontra naman ng isa pa, hinawi ang buhok at sadyang nagpa-cute sa lalaking patuloy lang sa pagkain. “Erico is such a dream.”

Erico. Iyon ang pangalan ng lalaki, Erico Dantès. Kilala sa buong campus hindi lang dahil galing ito sa isa sa mga kilala, nirerespeto at maykayang pamilya sa bayan ng Trinidad, kundi dahil sa gandang lalaki nito na pangunahing dahilan kaya nahumaling dito ang noventa

porsyento ng kababaihan sa campus. May iilang beses na rin niyang nakita si Erico, pero ngayon ang unang pagkakataon na nasilayan niya ito nang malapitan at tama nga na tawagin na isang magandang panaginip ang lalaki.

If Clara would describe him, she would run out of proper words to use that would perfectly suit such a perfect being. His face carefully carved by angels, same with his body that was sculpted into perfection. Idagdag pa ang appeal nito't charm na nagpapawala ng matinong kaisipan ng mga babae sa paligid. Some people were just born lucky and perfect.

Ngunit perpekto man at certified heartthrob, tahasang masasabi ni Clara na hindi siya kasali sa mga babaeng nagkakandarapa kay Erico. Marahil ganoon lang talaga ang pananaw niya dahil ang puso at atensyon niya ay okupado na ng nag-iisang lalaki—si Mark.

At that point, Clara shook her head to remove Erico out of her thoughts. Ano naman ngayon kung hindi niya tipo ang lalaki, siguradong gayundin ang sasabihin ng lalaki sa kanya. Sa puntong iyon, dumating na si Mark at agad namuo ang ngiti sa labi ni Clara.

“Hi there, baby,” bati ng Mark, hinila ang upuan sa tabi niya at naupo.

“Ano‘ng nangyari? Bakit ngayon ka lang? Okay ka lang ba? May problema ba?” sunud-sunod na tanong ng nag-aalalang si Clara.

“Wala naman. Nakalimutan ko lang ang oras,” patamad na sagot ng nobyo.

Sasagot sana muli si Clara ngunit pumaimbabaw ang ingay ng kinuyom na lata ng softdrinks. Sandaling hinanap ng mga mata ni Clara ang pinanggalingan ng ingay. And found that it was Erico crashing the softdrink can in his fist. Ang mga mata nito ay nakatingin sa kawalan na tila may naiisip na hindi maganda kaya ang napagbuntungan ay ang lata ng softdrinks.

Agad niyang ibinalik ang atensyon kay Mark. Sumandal siya sa tagiliran ng lalaki nang umakbay ito sa kanyang balikat. Hindi niya gustong gawin isyu ang pagka-late nito. May dahilan ang nobyo at ano ba naman ang maghintay ng isang oras.

“Hindi naman ako naiinip sa pag-aantay. Masarap itong spaghetti. Gusto mo?”



Kumuha ng serving sa plato si Clara at nang isusubo na kay Mark ay napahinto naman siya dahil sa nakakangilong langitngit ng upuang metal sa sahig. Muli ay napatingin si Clara sa pinanggalingan ng ingay. Tumatayo mula sa kinauupuan si Erico at walang pakundangan iginagargas sa sahig ang silya dahilan para mapatakip sa tainga ang mga naroroon.

Babalewalain na lang sana niya ang kinilos ni Erico ngunit nang dumaan ito sa gawi niya ay hindi niya maipaliwanag ang tinging ibinigay sa kanya ng lalaki. Like there was a secret behind those beautiful black eyes that she would never know. Pakiwari niya, galit ang mga iyon pero imposible iyon dahil walang dahilan para maramdaman iyon sa kanya ng isang taong hindi niya kilala.

Si Clara na ang unang umiwas ng tingin nang mailang sa lalaki. Hanggang sa tuluyang makalabas sa kantina si Erico.

“Napadaan ako sa klase mo kanina,” ani ni Mark. Kinuha ang softdrinks niya at ininom. “Mukhang sumablay ka na naman sa Calculus?”

Napayuko lang siya ng ulo sa pagkapahiya. Hindi niya gustong malaman ni Mark na

mahina siya sa math, bawas ganda points iyun.

“Dapat kasi nag-aaral ka, para hindi ka tinatawanan. Nakakahiya sa ibang tao. Ano na lang ang sasabihin nila sa akin kapag nalaman nilang ganyan ang girlfriend ko?”

“Di na mauulit.” Clara promised, afraid to lose the favor of the man she loves.

\*\*\*\*

Tapos na ang klase ngunit nasa auditorium pa si Clara, mag-isang nakaupo sa isang sulok at matiyagang hinihintay si Mark na dumalo ng lingguhang meeting ng Drama Guild kung saan ito kasali.

“Clara!” Bumaling siya sa likuran at namataang papalapit sa kanya ang matalik na kaibigang si Luigi. Kumuha ito ng mauupuan at tumabi sa kanya. “Bakit hindi ka pa umuuwi? Midterm na bukas, dapat ay nasa bahay ka na at nag-aaral.”

“Maaga pa naman, saka gusto kong sumabay kay Mark pag-uwi dahil matagal na ’yung huling beses na nagkasabay kami.”

“Kahit ’antayin mo man ’yan o hindi, wala naman ’yang pakialam. Tingnan mo nga’t enjoy na enjoy sa mga babae sa paligid

niya.” Napatingin sila kay Mark na noon ay napapalibutan ng mga babaeng panay ang lingkis dito, habang ang nobyo ay tila nag-enjoy sa atensyong natatanggap.

Kailanman ay hindi itinago ni Luigi ang disgusto sa boyfriend niya. Simula pa lang ay tutol na ito sa relasyon niya sa binata. Gayunpaman, patuloy siya nitong sinusupportahan.

“Talaga bang niloloko ko lang ang sarili ko, tungkol dito sa relasyon namin ni Mark? I don’t deserve him, do I?” Gumitaw ang inseyuridad sa mukha niya.

“It’s the other way around. It is Mark who doesn’t deserve you. You’re a princess; you deserve to be treated like one. Pero wala namang ginawa ’yang boyfriend mo kundi deadmahin ka. At kahit hindi ka umaamin sa akin, alam kong nasasaktan ka na.”

Masakit marinig ang sinabi ng kaibigan, pero alam ni Clara na totoo ang sinabi nito. Magsasalita sana muli si Clara nang pabalandrang bumukas ang pintuan ng auditorium at pumasok si Erico. Sinundan ni Clara ng tingin ang bagong dating na agad tumungo sa kinaroroonan ng ibang miyembro

ng club. Ilang beses na niyang hinintay si Mark kapag may meeting o practice ang lalaki, ngunit ngayon niya lang napansin na kasama pala si Erico sa Drama Guild.

“Late ka na naman, Erico!” singhal ng direktor sa bagong dating na tila walang narinig at naupo lang katabi ng ilang kalalakihan. Hindi man nagsasalita, halatang masama ang mood nito dahil sa nakasimangot na gwapong mukha.

“Mukhang galit si Pretty Boy, ah,” nangingiting komento ni Luigi. “Nakakainggit din ang lalaking ’yan, kahit nakasimangot, nahuhumaling pa rin ang mga babae sa kanya.” Nakatingin ito sa mga babaeng lumipat sa tabi ni Erico mula sa tabi ni Mark.

Sinulyapan ni Clara ang binata, ngunit di niya inaasahan na sa ikalawang pagkakataon sa araw na iyon ay magtatama muli ang mga tingin nila. Hindi niya malaman kung saan ibabaling ang mata. Hindi siya dapat naiilang, it’s just a plain coincidence. Pero may nagsusumigaw na kakaibang damdamin sa kanyang dibdib na hindi niya pa nararamdaman kahit kay Mark.

“Hindi dapat kinaiinggitan ang mga ganyang

lalaki.” Pilit na itinuon ni Clara ang tingin kay Luigi, yumakap nang mahigpit sa braso nito na nakasanayan na niyang gawin simula pagkabata. “You’re still the best and sweetest guy for me.” Hinaplos ni Luigi ang pisngi ni Clara, pagkatapos ay mabilis na yumuko para hagkan ang kaibigan sa noo. “Halika, bumili muna tayo ng makakain mo at mukhang matagal ka pa maghihintay. Basta ipangako mo sa akin na magre-review ka nang maayos para sa examination bukas.”

Mula sa malayo, may isang nilalang ang pilit na inaalis sa damdamin ang lungkot sa nasaksihang senaryo.

Magkaibigan lang ang dalawa, alam ng lahat iyon. Ngunit hindi niya maalis sa damdamin ang sakit na dulot ng nakitang lambingan nina Luigi at Clara. Hindi maiwasan na humiling na sana siya na lang ang nasa lugar ng lalaki, malapit sa babaeng nasa isipan hanggang sa panaginip. Marami naman iba na pwedeng pagbalingan ng atensyon. Ngunit ano ang gagawin niya gayong iisang babae lang ang hinahanap ng kanyang puso. At sa inis ay hindi niya napansin na kinukuyom na pala ng mga kamay niya ang hawak-hawak na papel.

\*\*\*\*\*

“Hindi na po ba talaga pwede itong promissory note, Ma’am? Pangako po next week ay babayaran ko ang fees ko. Please let me take the exam,” pagmamakaawa ni Clara sa school registrar sa mismong araw ng midterm exam.

Pagkauwi niya kinagabihan ay sinalubong siya ng masamang balita na kulang ang pambayad ng tuition fee nilang magkapatid. Pananahi ang tanging kabuhayan nilang mag-anak; ang ina niya ay pumapasok sa pabrika sa bayan habang ang kanyang ama ay tumatanggap ng patahi sa kanilang bahay. Ngunit dahil hindi natubos ang mga damit na siyang inaasahan nilang ipambayad sa tuition ay kinapos ang pambayad nila.

Hinayaan na lamang niyang ibigay sa nakababatang kapatid ang pera at kinumbinsi ang mga magulang na huwag mag-alala sa kanya. Pinaniwala ni Clara ang mga ito na pwede pa siyang magbigay ng promissory note ngunit kasinungalingan iyon. Dahil ngayon, kahit na magmakaawa siya sa registrar at umiyak ay hindi siya mapabigyan sa kanyang pakiusap. Maliban sa kanya ay wala ng ibang

estudyante sa hallway, kanina pa nagsimula ang midterm examinations.

“Sorry, Miss Claveria. Hindi talaga pwede, naghigpit na ang administration na kailangang i-settle muna ang dues bago bigyan ng permit.” Nasa mukha rin ng matandang registrar ang awa ngunit wala rin itong magagawa kundi sumunod sa patakaran ng paaralan.

Nangilid ang luha sa mga mata ni Clara nang matanggap sa sarili na wala na siyang magagawa. Aalis na sana siya nang may humarang na matipunong katawan sa kanyang harapan. Nang tingalain niya iyon, nagulat pa siyang makita si Erico na nakatunghay sa kanya. Clara knew her jaws dropped at the sight of him. For awhile, she thought an angel just appeared in front of her.

It is so unfair that some men could look so devastatingly handsome without exerting much effort. Pantalong maong, simpleng polo shirt, at nakakabighaning mukha. Iyon lamang, ngunit sapat na para mapatulala si Clara. Kahit ang luha niya ay kusang tumigil sa pagtulo.

Mula sa kanya, inilipat ni Erico ang atensyon sa registrar, “Ma’am, magkano pa ba ang kulang

niya? Ako na po ang magbabayad.”

Inaamin niya, si Erico ang kahuli-hulihang taong inaasahan niyang sasagip sa kanya sa mga sandaling iyon. Nanatili siyang walang imik simula nang sabihin ng registrar ang balanse niya hanggang sa iabot ng binata ang tig-iisang libong bill sa counter; hindi niya mahanapan ng paliwanag kung ano ang ginagawa nito sa lugar na iyon at binabayaran ang kanyang school fees.

Nang iabot sa kanya ang kanyang permit ay saka lamang napagtanto ni Clara na marunong pala siyang magsalita. Nagmamadaling hinabol niya si Erico na lumalakad na papalayo.

“Sandali lang,” awat niya sa lalaki. Unconsciously, she reached out for his hand— para lamang bawiin ulit ang kamay dahil tila na-ground siya nang hawakan niya ang kamay ng lalaki. “Hindi naman sa hindi ako natuwa sa tulong mo, pero hindi mo naman kailangan gawin ’yun. Hindi nga tayo magkakilala.”

Ilang sandali siyang tinitigan ng lalaki bago iniangat ang kamay at inabot sa kanya. “Im Erico Dantès. Fourth year Engineering student. You are?”



Hindi malaman ni Clara kung aabutin ba ang kamay ng kaharap. But his eyes seemed to command her to reach for his hand and to reply. “C-Clara Claveria. Sophomore Mass Communication student.”

Halos hindi niya maidampi ang kamay sa palad ni Erico, hindi niya maintindihan ang dahilan ng malakas na pagtibok ng kanyang puso at nang ikulong nito ang palad niya sa kamay nito, pakiwari ng dalaga ay mawawalan siya ng malay. May nanunulay na kakaibang init mula sa palad ng lalaki patungo sa kanya.

“So pleased to meet you, princess.” Then, to her surprise, Erico bows before her as he brought her hand to his lips and gave it a light feathery kiss. Speechless, Clara just stood there surprised and confused. Kung kailanman binitawan ng lalaki ang kanyang kamay ay hindi na napansin ni Clara, dahil tila naiwan sa mga palad niya ang init ng hawak ng lalaki.

Ilang sandali pa silang nakatayo sa gitna ng corridor at nakatingin sa isa’t isa. At nang muling ngumiti ang lalaki ay tuluyan nang nawalan ng masabi si Clara. Without uttering another word, he turned his back and walked

*Pangarap Ko ang Pag-ibig Mo by Cleo Moreno*

---

away.

Naisip ni Clara, totoo nga palang minsan ay may bumibisitang anghel sa lupa. An angel just appeared in front of her—in the body of a handsome six-footer hunk.

## 2

Nararamdaman na ni Clara ang pangangalay ng binti dahil sa halos isang oras niyang paghihintay sa labas ng computer room. Pero sa pagkakataong ito, hindi para kay Mark, kundi para kay Erico.

Ilang araw pagkatapos siyang tulungan ng schoolmate sa kanyang problema sa registrar ay gusto niyang makita ang lalaki upang ibalik ang perang pinahiram nito at magpasalamat. Yakap ang isang plastik na supot na siyang sorpresa niya sa lalaki, matiyagang naghintay si Clara.

Nang matapos ang klase at makita niyang lumabas si Erico ng silid ay agad siyang lumapit.

Napahinto ito at bahagyang nagulat nang makita siya, ngunit agad ding nakabawi. “May kailangan ka?”

“Babayaran sana kita sa pinahiram mo sa aking pera para sa tuition ko.” Inabot niya ang sobre sa binata. “Maraming salamat ha.”

“Okay lang ’yun,” tipid na sagot ng lalaki. Hindi na nito pinagkaabalahang buksan ang

sobre, agad lang na ipinasok sa bulsa ng pantalon.

“Natuwa ang mga magulang ko sa pagmamagandang loob mo sa akin. Kaya pinaabot nila ito sa 'yo.” Inabot sa lalaki ang supot na tinanggap naman ng huli. “Pagpasensyahan mo na lang. Kami ni Mama ang gumawa niyan. Nagkataong natapos noong linggo at sa tingin ko'y tama sa 'yo 'yung sukat. Ibebenta sana nila Mama, pero masyado kasing espesyal para ibenta, kaya sa 'yo na lang namin binibigay.”

Sa una, nakatingin lang ang lalaki sa supot, hanggang sa dahan-dahan nitong inilabas ang laman ng plastic bag na isang kulay abuhing sweater. After the long silence he mumbles a simple “Thanks.”

*Thanks? Iyon lang ang sasabihin niya? Ang haba ng litanya ko, ah, ani ni Clara sa sarili.*

Bahagyang naghihinakit siya sa reaksyon ni Erico. Hindi na niya inantay pa na muling magsalita ang lalaki. Agad na lang nagpaalam at mabilis na lumakad papalayo.

\*\*\*\*\*

“A little more color here, a little more there. Perfect!” Natutuwang tiningnan ni Clara ang ginagawang card para kay Mark. Gawa iyon sa coupon bond at colored pencils na buong tiyagang dinesenyuhan niya ang isang improvised card para sa kasintahan.

“Bakit dito ka sa oval nag-aaral? Hindi ka ba naiinitan?” tanong ng isang pamilyar na tinig.

Nang lingunin ni Clara kung sino ang nagsalita ay nakita niya si Erico nakatayo sa tabi niya. Sandali pa ay ibinaba na ng lalaki ang back pack sa lupa at naupo di-kalayuan sa kanya.

Agad na umahon ang inis sa dibdib niya. Isang linggo pagkalipas niyang bigyan ito ng token of gratitude at makatanggap ng walang kabuhay-buhay na “*Thanks,*” ay naiinis pa rin siya. Gayunpaman ay sinagot niya ang tanong ng lalaki.

“Puno na kasi ang library kaya naisip ko na dito na lang ako sa oval. Mahangin naman at malilim dahil makapal ang dahon ng puno.”

Isang mahabang katahimikan ang namagitan sa dalawa hanggang sa pasigaw na nagsalita si

Erico. “Tumayo ka!”

Sa gulat ay sumunod si Clara at bago pa niya mahulaan ang gagawin nito ay isa-isang tinatangal ng binata ang pagkakabutones ang polo shirt, hinubad hanggang sa tanging ang panloob na sando ang naiwan sa katawan nito. Inilatag ito sa parteng inuupuan ng dalaga.

“Hayan, may sapin na pwede ka nang maupo.”  
Erico spoke this time in a mellow tone.

Hindi malaman ni Clara saan siya unang mailang—ang upuan ang libong halagang poloshirt ni Erico na ngayon ay ginawa lang pansapin sa uupuan niya; o ang maupo sa tabi ng lalaki habang nahahantad sa mga mata niya ang matitipuno nitong dibdib at braso. Resulta man ng pagpunta sa gym o natural na biyaya ng langit ang ganda ng katawan ng lalaki, ay hindi na mahalaga. Every inch of him was carefully carved into perfection. If she could only touch him, her hands would have lingered on the soft curves of his sculpted shoulders. Tutuloy iyon sa matitipuno nitong dibdib hanggang sa mga braso. How she wished she could paint, to capture the most breathtaking sight she had ever seen in her life.

*Clara!* saway ng isang bahagi ng kanyang utak. Gusto niyang mahiya sa sarili dahil sa tinatakbo ng isipan niya. Dahil doon ay bigla siyang napaupo at pinagpatuloy ang ginagawa.

“May coloring exam ba sa midterm?” si Erico. Nakatingin sa card na kinukulayan niya.

“Ah, ito? It is a good luck card. Para ito sa boyfriend ko.” Pinagkadiinan niya ang salitang ‘boyfriend,’ hindi para kay Erico kundi para sa sarili.

“Si Mark?” he asked in serious tone.

“Oo, si Mark Sandejas, kilala mo pala siya.”

Sinagot lamang siya ng kibit-balikat ng kausap. Mula sa lalaki ay ibinaling ni Clara ang tingin sa langit, inisip kung nasaan na kaya ang kasintahan at kung iniisip din ba siya nito.

Sa paglalakbay ng isipan ng dalaga, hindi niya napansin na nasa kanya ang tingin ng katabi. Nanatili mang blangko ang ekspresyon ng mukha ni Erico ngunit ang mga mata nito ay may nais sabihin na hindi kayang maiparating ng mga salita.

“Tingnan mo.” Nagmamalaking itinaas ni Clara ang card sa harapan ng lalaki ngunit

tiim-bagang lang nitong tiningnan ang papel kaya ibinaba na lang niya. “Kasali kasi siya sa inter-campus quiz bee, ‘yung gaganapin bukas. Kaya ginawan ko siya ng card. Gusto kong malaman niyang proud ako sa kanya, na suportado ko siya at higit sa lahat, na mahal na mahal ko siya.”

“Ganoon ba?” walang buhay na sagot ng lalaki. Isa-isa nitong inilabas ang mga libro sa bag at magsisimula nang magbasa habang patuloy lang sa pagkukuwento si Clara.

“Sana nga siya ang manalo bukas. Kasi may pangako siya sa akin kapag nanalo siya. Kaya excited din ako at kinakabahan.”

Napahinto sa pagbubuklat ng pahina si Erico. “Ano ‘yung pangako niya?”

“Kapag nanalo siya sa quiz bee, pupunta na siya sa bahay namin. Maipakilala na ko na siya sa magulang ko at ganuon din ako sa kanya. Hindi pa kasi alam ng mga magulang namin ang tungkol sa relasyon namin, hindi pa kasi gustong ipaalam ni Mark hangga’t wala pa siyang maipagmamalaki. Ayoko nang ipaglihim iyon sa pamilya ko.”



Umismid lang si Erico na tila ba isang malaking kalokohan ang mga pinagsasabi niya. Napabuntong-hininga na lang si Clara sa iginawi ng lalaki, bakit niya nga ba pinagaaksayahan ng oras na magkuwento sa binata? Maliban sa pagiging gwapo ay kilala rin ito sa pagiging suplado. Ipinagpatuloy na lamang niya ang ginagawa at pinagpasyahan huwag na lamang pansinin ang katabi.

Bigla naman itong nagsalita. “Dati hindi ko alam kung bakit may tabing sa gilid ng mga mata ng kabayo, kaya tinanong ko sa lolo ko kung bakit,” Erico said as he flipped the pages of his book. Si Clara naman ay nakatingin sa lalaki at inaantay ang susunod nitong sasabihin. “Kailangan daw na may tabing ang gilid ng mga mata ng kabayo para nakatuon lang ang tingin nito sa iisang direksyon. Hindi ganoon sa tao, pero may mga taong sa iisang direksyon lang nakatingin, kung ano lang ang nasa harapan nila. Hindi man lang nag-aabalang igala ang mata.”

Hindi sigurado si Clara sa nais sabihin ni Erico o kung ano ang koneksyon niyon sa pagguhit niya ng card o sa pagsali ni Mark sa quiz bee. Hindi niya alam saan nanggaling

ang isang malalim na kaisipan mula sa isang lalaking akala niya ay magandang mukha lang ang mayroon.

\*\*\*\*\*

Pilit na nakikipagsiksikan si Clara sa gym na puno ng mga estudyanteng nanonood ng quiz bee. Nakita niya si Luigi na nakaupo malapit sa entablado at agad na nilapitan ito.

“Ano na nangyari?”

“Face-off round na at kasama si Mark mo.”

“Kasama si Mark sa last round?” excited na ulit ni Clara at nang tumango ang kaibigan ay napatili siya sa sobrang tuwa. “Talaga? Kasali si Mark. Ang galing talaga ng boyfriend ko!”

“Umayos ka nga, masyado ka namang kinikilig,” saway ni Luigi, inayos ang polo shirt na nagusot sa mahigpit na hawak niya. “O hayan na pala ang huling maglalaban.”

Sa paglabas ni Mark sa entablado ay dumagundong ng hiyawan ang mga naroroon.

“Mark, nandito ako!” malakas na sigaw ni Clara, kakumpetensya ang hiyaw ng ibang naroroon. “Luigi, hindi niya ako marinig.”

“Malamang, tingnan mo naman kung gaano karami ang tao dito.”

Nang makapwesto na si Mark sa likod ng podium ay siya naman paglabas ng makakalaban nito. Kung malakas ang hiyawan para kay Mark ay halos mauga ang buong gym sa palakpakan at hiyawan para sa makakalaban ng kasintahan.

“Erico?” manghang usal ni Clara nang makilala ang lalaki. “Si Erico ang kalaban ni Mark?”

“Well, he’s not just the pretty face that we thought. Dapat kanina pa tapos ang contest kaya lang laging tie sila ni Mark.”

Mula kay Luigi ay inilipat niya ang tingin kay Erico. Kaya pala marami itong dalang libro kahapon dahil mag-aaral ito para sa contest. Habang nakatingin siya sa lalaki ay napatingin din ito sa kanya. Isang tipid na ngiti ang ibinigay sa kanya ng schoolmate, ang mga mata ay tila nangungusap ngunit hindi maintindihan ni Clara ano ang nais nitong sabihin.

*Papaano niya ako nakikita sa ganito karaming tao, samantalang si Mark hindi?*

Naputol ang pagkakatitig nila sa isa’t isa nang

magsalita na ang quiz master at binasa ang alituntunin ng paligsahan at agad sinimulan ang last round.

Sa unang dalawang tanong ay laging nauunang pumindot ng buzzer si Mark, ngunit sa tuwina ay mali ang naibibigay nitong sagot kaya si Erico ang nakakakuha ng pagkakataong sumagot at makapuntos. Nakahabol naman si Mark at tumama sa ikatlo at ikaapat na tanong, dahil si Erico naman ang nagkakamali.

“Hindi alam ni Erico ang sagot d’un?” naiinis na kumento ni Luigi. “Kahit ’ata ako alam ang sagot sa tanong na ’yun.”

“Luigi, ano ka ba! Kay Mark tayo dapat sumusuporta!” ani ni Clara.

“Kanina pa kasi ’yang si Erico. Dapat sa unang set pa lang siya na ang panalo. Kung ano pa ang madaling tanong, iyun pa ang hindi nasasagot,” naiiritang sagot ng kaibigan.

“This last question will determine the winner of this year’s quiz bee. Contenders, listen carefully.”

Tahimik ang lahat habang binabasa ng quiz master ang huling tanong, isang mathematical

equation na hindi nga malaman ni Clara kung ano ang tawag. Parehong nagsimulang lutasin ng dalawang kalahok ang equation. Unawaringly, her eyes were on Erico. Nakita niyang huminto ito sa pagsusulat. Bumuntong-hininga at ibinaling ang tingin sa kanya. Then, he gave her a faint smile. Hanggang sa maunahan ito ni Mark na pumindot ng buzzer at sumagot.

“We have a winner now,” anunsyo ng quiz master. “Congratulations to Mr. Mark D. Sandejas. This year’s quiz bee champion.”

Nagpalakpakan ang lahat para kay Mark. Isa-isang lumapit dito ang mga propesor at ang mga gustong bumati. Hinanap ng mga mata ni Clara si Erico, ngunit sa dami ng taong nasa stage ay hindi na niya ito nakita. She’s supposed to be jumping for joy for her boyfriend’s victory, ngunit bakit pag-aalala para kay Erico ang nararamdaman niya.

\*\*\*\*\*

*Hindi ba dapat ay masaya ako? Bakit ako malungkot? tanong na paulit-ulit pumapasok sa isipan ni Clara buong araw.*

Pagkagising pa lang niya sa umaga ay tila kay bigat na ng kanyang pakiramdam. Imbis na dumerecho ng uwi, pinili niyang tumungo sa library upang makapagbasa at makapag-isa. Maybe this is just one of those gloomy days that would soon pass.

Pagbukas niya ng pintuan ng library ay agad siyang napahinto nang maulinigan ang tinig ng dalawang lalaki, ang isa'y mataas ang boses at tila galit.

“Huwag ka nang magsinungaling sa akin, Erico. Sinadya mong magpatalo sa quiz bee.”

Bahagyang inawang ni Clara ang pintuan ng library at sumilip, nakita niya si Erico na kausap ang university librarian na si Sir Roel.

“Ninong Roel, tapos na 'yun, huwag na nating pag-usapan pa. Hindi naman nabawasan ang pagkatao ko dahil sa pagkatalo ko sa quiz bee. I'm still me.”

“Cut the crap, Erico.” Muli ay singhal ng nakatatandang lalaki. “Naiinis ako dahil isang walang kwentang laban ang ginawa mo doon. Alam mo ang mga sagot sa mga tanong. Ito ang scratch paper na ginamit mo sa contest.

Kinuha ko sa podium mo nang matapos ang quiz bee at nagmamadali kang umalis. Nasagutan mo, Erico. Nauna kang natapos, pero hindi mo pinindot ang buzzer. Inaantay mong masagutan ni Mark.”

Napatulala si Clara sa narinig. Bakit gagawin iyon ni Erico?

Ngunit sa kalagitnaan ng pakikinig niya sa usapan ng dalawa ay biglang tumunog ang bell na nagulat si Clara at napatili, dahil doon ay natuon sa kanya ang tingin ng dalawang lalaki. Nahuli siya sa aktong nakikinig sa usapan nina Erico at Sir Roel. Napailing na lang ang matandang lalaki nang makita siya at iniwan na ang una sa kinatatayuan nito.

“Di ko sinasadyang makinig sa usapan ninyo,” agad na depensa ni Clara sa sarili. Ngunit tinalikuran na siya ng binata at tinungo ang gamit sa kalapit na mesa. “Pero, Erico, totoo ba ’yung sinabi niya? Na sinadya mong hindi sumagot? Bakit? Dahil ba sa kinuwento ko sa ’yo, tungkol sa pangako sa akin ni Mark? ’Yun ba ang dahilan mo, Erico?”

Napailing na lang si Erico. She had always been an exemption, ngunit sa pagkakataong

ito ay hindi nito gustong makipag-usap kahit kanino, kahit kay Clara pa. Ilang araw na nitong pilit na iniwasan ang mga tanong ng mga kakilala at kaibigan kung bakit ito nagpatalo sa paligsahan gayong alam ng lahat na malaki ang posibilidad na manalo ito.

“Ito ba ’yung sagot sa huling tanong, Erico?” untag ng dalaga nang madampot ang papel na may laman ng sagot ni Erico sa quiz bee. “Alam mo ang sagot pero nagparaya ka’t hinayaan mong si Mark ang makasagot. Bakit? You don’t find Mark a worthy opponent kaya nagparaya ka at hinayaan mo siyang manalo? Naawa ka kay Mark? O naawa ka sa akin dahil sa kinuwento kong dahilan?”

“Ano ba’ng gusto mong marinig mula sa akin? Hindi ba dapat pinasasalamat mo na lang ako dahil pinili kong maging mangmang sa araw na iyon at hinayaan kong manalo ang boyfriend mo?”

“Bakit nga? Bakit mo ginawa ’yun?” sigaw ni Clara, hindi siya aalis sa harap nito hangga’t hindi siya sinasagot ni Erico.

“Because that contest means so much more to you than it is to me,” pasigaw ring sagot ng



lalaki.

Nang makita ang pagkabigla sa mukha niya ay napailing ito, napabuntong-hininga sabay na suklay ng daliri sa buhok. With a softer tone, he spoke again, “Dahil importante sa ’yo kung mananalo si Mark at mas importante ang mga dahilan mo kaysa sa akin. Ganoon lang kasimple iyon, Clara. Ganoon kasimple.”

Hindi alam ni Clara kung kaya bang anilasahin ng utak niya ang sagot ni Erico, hindi niya akalain na ang tipo nito ang uunahing isipin ang kaligayahan ng iba kaysa sa sarili.

“B-bakit ang bait mo sa akin? Bakit ka ganyan?” And without explanation Clara ran into his arms. Mahigpit na niyakap niya si Erico. Overwhelmed with so much gratitude, tears began to fill her eyes. Anybody would be so blessed to have somebody like Erico as a friend. At napakaswerte niya na kahit wala siyang naibibigay o nagagawa kay Erico ay lagi itong naroroon para sa kanya.

“Walang ano man iyon, princess. Tama na ang iyak,” paulit-ulit na bulong ni Erico habang nakasubsob ang mukha nito sa buhok niya. Sinuklian din nito ang kanyang mahigpit na

yakap habang hinahaplos ang buhok niya. “May iba pang contest, at sa susunod, lalampasuhin ko na ang boyfriend mo. Pangako ’yan.”

Napangiti siya sa huling sinabi ng lalaki. Bahagyang humiwalay si Clara sa pagkakayakap kay Erico para pahirin ang luha.

“Stop crying, Clara. Baka mamugto ang mga mata mo.” Kinuha nito ang panyo mula sa bulsa ng pantalon para pahirin ang luha sa mata’t pisngi ng dalaga. “Hindi bagay sa ’yo ang umiiyak.”

Naroroon ang dalawang batang puso, nakatago sa mga dahilan at paliwanag ng mundo. Parehong tahimik, ang buong atensyon ay nakatuon sa isa’t isa. Like they don’t mind if time would freeze and they would have stay in that moment forever.

Kung ano man ang nasa isipan ni Erico sa mga sandaling iyon ay tanging ang langit lang ang may alam. At lahat ng sakit na kanina ay kanyang nararamdaman ay tuluyan nang naglaho.

### 3

“Good morning, princess.”

Nagulat si Clara ng sa pag-angat niya ng tingin ay naroon sa harapan niya si Erico.

Makulimlim ang umaga at malamig ang simoy ng hangin kaya napagpasyahan niyang sa bakuran ng kanilang bahay na lamang mag-aral kaysa sa kanyang silid. At dahil lubos na nakatuon ang atensyon niya sa binabasa, hindi niya namalayan na pumasok pala ang lalaki sa bakuran. He was standing so handsome in front of her and suddenly the world seemed a little brighter because of his smile.

“Araw-araw ka na nandito sa amin, Erico. May dala ka na naman bang mga patahi? Not that I’m not thankful for your help pero pinapagod mo na ang mga magulang ko,” biro ni Clara, inalis ang mga librong nakakalat sa bangko at umurong para makaupo ang schoolmate sa tabi niya.

“Ang totoo, humahanap lang ako ng dahilan para makadalaw sa inyo. Bukod sa gusto kitang makita, masarap magluto ang inay mo,” ganting biro ng lalaki.

Sinuklay nito ang buhok na bahagyang nagugulo dahil sa banayad na ihip ng hangin. Unawaringly, Clara stared at the beautiful sight. She knew she would never get tired of looking at his face.

“Hindi ako naiilang kapag tinititigan ako ng ibang tao, pero kapag ikaw ang tumititig sa akin, parang nalulusaw ako,” sambit nito.

Natawa na lamang si Clara. Pagkatapos ng quiz bee ay lalo silang nagkalapit ni Erico. He’s a friend that she never expected to have. Pero nitong nakaraan palagi itong nasa tabi niya na para bang para rito talaga ang espasyong iyon simula pa lang. Hindi man sila laging nagkakausap sa campus dahil sa magkaiba ang building nila ay lagi naman itong dumadaan sa tahanan nila at doon sila nagkakaroon ng pagkakataon makapagkwentuhan. Kung minsan ay ginagabi na ito sa kanila dahil napalapit na din si Erico sa kanyang pamilya, at ito rin katu-katulong ng kanyang ama sa mga gawaing-bahay na panlalaki. Her parents were so fond of him, he was becoming like a son to them.

“Erico, hijo.” Mula sa pintuan ay lumabas ang

ina ni Clara na si Ditas. Agad itong sinalubong ng binata at nagmano. “Buti napasyal ka, hijo, nagluto ako ng masarap na tanghalian.”

“Ang totoo po, kaya ako nandito ay dahil gusto ko po sanang ipagpaalam sa inyo si Clara.”

“Ay, bakit? Hinihingi mo na ang kamay ng anak ko?” biro ni Ditas na ikinalaki ng mata ng dalaga. “Hindi naman ako tutol kung pakakasalan mo si Clara, hayaan mo lang siyang makatapos. Kahit pakasalan mo na siya isang araw pagkatapos ng graduation niya ay ayos lang sa amin.”

“Mama!” nahihiyang saway niya sa ina.

Si Erico nama ay tumawa lamang ng malakas, hinaplos ang pisngi ni Clara na kasing-pula na ng mansanas. “Someday po, I’ll come here for that reason,” anito na lalong ikinamula ng pisngi ng dalaga. Biro man iyon ay hindi niya maiwasang hindi kiligin. “Aayain ko po sana si Clara namamasyal, kung papayag po kayo?”

“Basta ikaw ang kasama ang anak ko’y hindi ako tatanggi.”

“Ma, magpakipot naman kayo nang kaunti,”

anang dalaga.

“Ay naku, hija, kung ganito kagwapo ang magiging apo ako ay boto ako kay Erico. Pero halina muna kayo sa loob at kumain, para makaalis na din kayo agad.”

Nagpatiuna ang matandang babae papasok ng bahay. Si Clara naman ay nakayuko pa rin at hinihilot ang sintido. “Nakakahiya... nakakahiya talaga,” bulong niya sa sarili. Nang humarap siya kay Erico ay may kakaibang ningning ang mga mata nito at pilyong ngiti sa labi.

“Hindi pa man ako nanliligaw, sinagot na ako ng inay mo. Iba talaga kapag gwapo.”

“Mayabang na gwapo,” ismid ng dalaga. Inabot niya ang kamay kay Erico. “Halika na at magmeryenda na tayo para mapuntahan na natin ’yang lugar na sinasabi mo.”

Nag-aalangang inabot ni Erico ang malambot na kamay ng babae, at nang mahawakan niya iyon ay hindi na niya nais bumitaw pa.

\*\*\*\*\*

“Malapit na?” naiinip na tanong ni Clara. Nakatakip ang mga kamay ni Erico sa kanyang

mga mata, habang inaalalayan siya nito patungo sa lugar kung nasaan ang sorpresa nito.

Sakay ng SUV ng lalaki ay tumungo sila sa dulong bahagi ng bayan ng Trinidad. Dagat ng Rojo Piedra ang tawag sa lugar na iyon, pribadong pagmamay-ari, at hindi lahat nakakagawi sa dulong bahaging iyon. Sa ganda ng lugar at tanawin ay sinubukan itong gawing beach resort, ngunit sa di malamang dahilan ay agad ding nagsara.

“Ang kulit mo, Clara,” natatawang sabi ng lalaki. Mayamaya pa ay huminto na sila paglalakad. “Nandito na tayo, tatanggalin ko ang kamay ko pero huwag ka munang didilat. Open your eyes only when I say it, okay?”

“Ang dami namang seremonyas. Excited na ako.” She giggled in excitement.

“Slowly open your eyes, princess.”

Tulad ng sinabi ni Erico ay dahan-dahang iminulat ni Clara ang kanyang mga mata. And she was speechless.

It front of her was the most magnificent scenery she had ever seen in her entire life. Nasa isang mataas na lugar na patag sila,

malapit sa beach. Sa harapan nila ay ang pinakamagandang bahagi ng mabundok na Trinidad. The mountains seemed so close to heaven, the peaks kissing the clouds. Sa buong paligid nila ay may magagandang tanim ng mga halaman at bulaklak, in the most wonderful colors ever imagined. Ang banayad na hampas ng mga alon sa dalampasigan ay tila mamahaling seda na banayad na hinihipan ng hangin.

“Nasa Trinidad pa rin ba tayo o langit na ito?” manghang tanong ni Clara.

“Ang ganda, di ba? Hindi ba’t parang abot-kamay na ang langit mula rito?” Sinundan niya ang tingin ni Erico nang tumingala ito, at tama nga ang kaibigan, tila abot-kamay na niya ang mga ulap. “They called this place *Rojo Piedra*, red stones, dahil sa mga bato na nagmimistulang pulang diamante kapag nasisinagan ng araw.” Itinuro ang mga nagkikislapang bato sa dalampasigan.

“Ang ganda, Erico. Hindi ko akalaing may ganitong lugar dito sa Trinidad.”

“Paboritong lugar ito ng mga magulang ko, kaya binili nila ang lupang ito. Gusto man



*Pangarap Ko ang Pag-ibig Mo by Cleo Moreno*

---

nilang mabili pati ang beach ay hindi pumayag ang may-ari, pero nangako naman na pag-iisipang mabuti. Kahit noong maliit pa ako, gustong-gusto ko na ang lugar na ito kaya pag marami na akong naipon bibilhin ko ito mula sa mga magulang ko, pati ang beach. Dito ako magpapatayo ng bahay para sa magiging asawa at mga anak ko.”

“Ang swerte naman ng magiging asawa mo, Erico. I didn’t know that you could be so sweet and so romantic.”

“Talaga?” Namula ang mukha ng lalaki at natuwa si Clara sa nakita.

“Namumula ang pisngi mo. Nagba-blush din pala ang mga lalaki,” wala sa sariling inabot niya ang pisngi ng kaibigan at banayad na hinaplos. “Tama ang mga babae sa school, Erico. You really are so beautiful. You complemented the scenery. Even defeated the beauty of the sky.”

Natigilan si Erico, naramdamang huminto ang puso niya sa pagtibok sa loob ng maiksing sandali. Hahawakan sana niya ang kamay ni Clara na nasa kanyang pisngi ngunit binawi na iyon ng dalaga at muling itinuon ang tingin sa kapaligiran.

Clara took a deep sigh as she stared at the beautiful sight in front of her. Hindi nakatakas sa paningin ni Erico ang lungkot na nagdaan sa mga mata nito.

“May problema ba? Alam mo, pwede mong sabihin sa akin kahit ano.”

Umiling si Clara. “I’m sorry. Hindi ko lang kasi maintindihan ang nararamdaman ko. Alam mo bang ikaw ang unang tao na gumawa sa akin ng ganito. Kahit si Mark ay hindi pa ako ginawan ng ganito kagandang sorpresa.” Sandaling napahinto ito. Taliwas sa ipinangako ni Mark ay hindi pa ito pumupunta sa bahay ng dalaga kaya hindi pa ito nakikilala ng mga magulang ni Clara. “Tapos, eto ka. Kapag kasama kita para talaga akong prinsesa, katulad ng lagi mong itinatawag sa akin. The feeling might be confusing but I am sure I’m happy when I’m with you. Thank you for that.”

Sumilay ang ngiti sa mapupulang labi ng dalaga at hindi naiwasan ni Erico na titigan ang mga iyon. Mayroon ba kahit maliit na ideya ang babaeng ito kung gaano ito kaganda?

“Hindi mo na kailangang magpasalamat,” banayad na sambit ng lalaki. Nag-alangan

siyang abutin ang kamay ni Clara, ngunit nang magkaroon ng lakas ng loob ay hinawakan niya iyon nang mahigpit saka ipinatong sa ibabaw ng kanyang dibdib. “I’m happy as long as you’re happy.”

\*\*\*\*\*

“Ano’ng status ninyo ni Erico?” makahulugang tanong ni Luigi. Nagkasabay umuwi ang magkaibigan at nasa daan na malapit sa bahay nila Clara.

Ilang araw pagkatapos nilang mamasyal ni Erico sa talampas ay nagkaroon siya ng pagkakataon na ikuwento kay Luigi tungkol sa pinuntahan nila ng lalaki.

“Ano pa bang status ang dapat asahan mo sa amin? Eh di magkaibigan.”

“Pinaghanda ka niya ng romantic picnic date sa talampas, kayong dalawa lang. Tapos, sasabihin mo sa akin na friends lang kayo?”

Agad pumasok sa isip ni Clara ang hapon na iyon na kasama niya si Erico sa talampas. Hindi man niya tahasang maamin sa sarili ay napakasaya ng sandaling iyon.

Ang akala niya ay tapos na ang sorpresa

ng binata nang ipakita nito ang magandang tanawin ng Trinidad, ngunit niyakag siya ng lalaki na maupo sa ilalim ng isang puno at mula sa basket na kanina pa naroroon ay may inilabas itong kumot at inilatag sa lupa.

*“Ito talaga ang sorpresa ko. A picnic, like what my family always do.”* Nauna itong naupo at inabot ang kamay kay Clara. *“Please have a seat, my señorita.”*

*She giggled as she accepted his hand and sat beside Erico. “Ngayon lang ako magpi-picnic,”* natutuwa niyang sabi sa lalaki na isa-isang inilalabas ang laman ng basket. *“At talagang kompleto ang dala mo, basket na puno ng pagkain at mukhang mga paborito ko pa lahat, may music player, cooler para sa inumin.”*

*“At hindi lang ’yan.”* Muli ay may inilabas ito sa basket. Isang balabal na ibinalot ng lalaki sa balikat niya. *“Malamig ang simoy ng hangin dito. Gusto man kita yakapin para hindi ka lamigin, pero hindi pwede kaya ipinagdala kita ng balabal. Dapat jacket pero wala ka namang ka-size sa bahay. I borrowed that from my mom.”*

*Clara just laughed; never did she imagine Erico could be this sweet. Natunaw ang puso niya.*

*Pangarap Ko ang Pag-ibig Mo by Cleo Moreno*

---

*Pagkatapos kumain ay nilibot nila ang buong lugar. Ipinagpitas siya ni Erico ng mga bulaklak at sama-samang itinali ng sintas ng sapatos nito.*

*“Kapag kinasal ako, gusto ko ganito kaganda ang bouquet ko,” sabi niya.*

*“I’ll keep that in mind,” sagot ng lalaki na muling pumitas ng maliit na bulaklak at isinilid sa likod ng tainga ni Clara. “There. Now you really look like a goddess, so beautiful.”*

Gabi na nang lisanin nila ang lugar dahil pinanood pa nila ang paglubog ng araw. Ang bawat sandali ay namumukod-tangi at kahit ilang araw na ang lumipas ay nanatili sa alaala ni Clara.

Lahat na lang ng maaari nilang mapagkwentuhan ay nasabi nila sa isa’t isa noong hapong iyon—kanilang mga damdamin at pangarap sa buhay. Clara could not remember any other moment where she enjoyed as much in the company of a man.

Talking and being with Erico felt so light and peaceful. Walang kailangang ipagkunwari, walang kailangang itago. With Erico, everything feels easy and light. Hindi ito ang supladong

*Pangarap Ko ang Pag-ibig Mo by Cleo Moreno*

---

Erico na una niyang nakilala, at naisip niya, mayroon pa itong higit na magandang katangian kaysa sa maganda nitong mukha at tanyag na pangalan. He has this special way of getting through her heart, na tila kay tagal na nilang magkakilala at panatag ang loob nila sa isa't isa.

“Hindi pwedeng maging kami, may boyfriend na ako, di ba?” she sounded unsure that Luigi took it as chance for a rebuttal.

“Tingnan mo? Kahit ikaw ay hindi sigurado kung may boyfriend ka pa at kung si Mark ang tinutukoy mo. Ay naku, kalimutan mo na 'yun. Halos hindi ka na nga naalala nung Mark na yun. Kailan ka ba huling sinadya niyang puntahan? Isang linggo o isang buwan na? Kung hindi mo pa pupuntahan sa Architecture Building, hindi mo pa makikita. Kapag nakita mo naman, parang iniwasan ka pa. Ni hindi nga niya tinupad ang pangakong pupunta sa inyo.”

Hindi naiwasan ni Clara ang hindi masaktan, at nakita iyon ni Luigi sa mukha niya kaya inabot ang kamay niya at ikinulong sa mga palad nito.

“Hindi ko sinasadyang masaktan ka dahil sa sinabi ko, pero pareho nating alam na totoo ’yun. Pero huwag ka nang malungkot dahil hindi mo pa nga hinihingi, ibinibigay na sa ’yo ng langit ng sagot. May Erico na dumating sa buhay mo para iligtas ka sa kalungkutan na dala ni Mark.”

“Naririnig mo ba ang mga sinasabi mo Luigi? Papaano naman magkakagusto sa akin ang isang Erico Dantès? We’re exactly the opposite of each other, lalo na sa katayuan sa buhay.”

“Naku, ang drama mo naman, bes! May ganyang dilemma pa ba ngayon? Langit siya, lupa ka naman? You’re stuck at the idea that you only deserve something less, someone like Mark who never treats you right. Kaya ngayong may dumating na isang taong higit sa inaasahan mo ay masyado kang overwhelmed hanggang sa itinatangi mo na sa sarili mo na pwede ka din namang sumaya sa piling ng isang taong higit sa inaasahan mo.”

Napatahimik lang si Clara. Gusto niyang umamin sa tunay na nararamdaman tungkol kay Erico. Sa nakalipas na mga araw ay hindi

niya mapigilang isipin ang lalaki. Palagi itong laman ng isip niya mula pagkagising hanggang pagtulog. Hindi niya magawang di pansinin ang kakaibang damdamin na tanging si Erico lamang ang nagdulot sa puso niya.

Umiling si Clara sa puntong iyon ng pag-iisip at napabuntong-hininga. “Sige, inaamin ko, siguro nga nahuhulog na ang loob ko kay Erico,” aniya.

“Finally!” eksaheradong sagot ni Luigi. Itinaas pa nito sa ere ang mga kamay na tila nagpapasalamat sa langit.

“At inaamin ko rin na hindi na ako sigurado sa nararamdaman ko kay Mark.”

“Ayan, ganyan nga. Be honest to yourself. Go girl!” natutuwang sigaw ni Luigi.

“Pero hangga’t hindi ko nakakausap si Mark kung may patutunguhan pa ba ang relasyon namin o wala na, hindi ko pwedeng pagtuunan ng pansin ang damdamin ko kay Erico, nagsusumigaw man ’yun sa puso ko.”

“Eeeeng?” Nawala ang ngiti ng kaibigan. “Kailangan mo pa bang gawin ’yun? Hindi ka na nga kinakausap ni Mark. Tama na ’yun.”



“Tama lang na tapusin ko muna ang isang relasyon bago lumundag ulit sa panibago. Kung makikipaghiwalay man ako kay Mark, para iyon sa sarili ko, hindi dahil may Erico,” katwiran ni Clara. “Saka hindi naman ako sigurado kung may damdamin nga sa akin si Erico. Kung meron man, dapat sinabi niya na. Ang dami niyang pagkakataon para sabihin ’yun.”

“Ay naku, ewan ko sa ’yo. Basta ako na kay Erico ang boto ko.”

Isang kanto na lamang ang layo nila sa bahay ni Clara nang may nasalubong silang kotse at huminto sa tapat ng magkaibigan. Nagulat pa sila nang makitang si Mark ang nagmamaneho. Sa tabi nito ang lalaking noon pa lamang nakita ni Clara.

“Clara, hop in,” utos ng nobyo. Hindi na ito nag-abalang lumabas ng kotse para pagbuksan siya ng pintuan.

“S-saan tayo pupunta?” tanong ni Clara; napahigpit ang yakap sa hawak na mga libro. Hindi niya maintindihan ang sarili kung bakit ngayon lang siya nag-alangan sumama sa kasintahan.

“Baby, ’wag nang masyadong maraming tanong, nagmamadali kami. Talagang dinaanan ka lang namin.” Nang hindi agad sumunod si Clara ay sinigawan ito ni Mark na napaigtad sa kanya sa gulat at takot. “Kailangan ko pa bang magalit para sumunod ka sa sinasabi ko?”

“Huwag mo siyang sigawan nang ganyan,” agad na pagtatanggol ni Luigi ngunit pumagitna si Clara sa dalawa upang maiwasan ang pagtaas ng tension. Hindi niya gustong magkasakitan ang dalawa na sadyang hindi gusto ang isa’t isa..

“Sige na, Luigi, umuwi ka na, ” bulong niya sa kaibigan. Pilit na itinutulak niya palayo ang kaibigan sa takot na magpang-abot ang dalawa. “Pagkakataon ko na rin ito para makausap si Mark. Alam mo naman na mahirap magpa-schedule ng appointment sa boyfriend ko.” Malas lang, hindi tumawa si Luigi sa tangka niyang pagbibiro.

“Clara, hindi mo naman kailangan maging sunod-sunuran sa kahit anong sabihin niya.” Nakaramdam si Luigi ng matinding kaba para sa kanya. Hindi rin nito gusto ang mga tingin ng kasama ni Mark na tila hindi gagawa ng

matino.

“Sige na, Luigi. It’s alright. Uuwi din ako agad.”

Pagkatapos magpaalam ay sumakay na si Clara sa backseat ng kotse at mabilis na nagmaneho papalayo si Mark. Hindi pa man sila gaanong nakakalayo ay nilingon niya si Luigi na hinahatid din siya ng tanaw. Pilit niyang inaalis sa damdamin ang kaba at takot, hindi siya dapat makadama niyon dahil si Mark naman ang kasama niya. But silently, she said a prayer for God to protect her from harm.

Hindi agad napansin ni Clara nang sumakay siya na nakainom na pala ang kasintahan at kaibigan nito. Kahit habang nagmamaneho ay umiinom ng beer si Mark, bagay na ngayon lang niya nakitang ginawa ng kasintahan. Sa usapan ng dalawang lalaki, nalaman niyang si Jerry ang isa pang lalaki. Sa Maynila ito nag-aaral at bumisita lang para magbakasyon.

Malapit nang magdilim nang makarating sila sa kanilang destinasyon, at nagulat pa si Clara nang makilala ang lugar. Papasok sila sa *Rojo Piedra*.

Bumaba si Jerry upang buksan ang kinakalawang na gate para makapasok ang sasakyan.

“Mark, pwede ba tayong pumunta dito, hindi kaya tayo mareklamo ng trespassing?” nag-aalalang tanong ni Clara. Hindi sumagot ang nobyo, ipinasok ang sasakyan sa property. Sa loob niyon ay may nauna nang dalawa pang sasakyan, may ibang tao na nauna sa kanila at sa lakas ng tugtog at tawanan, hindi na kailangang magtanong pa para malaman na tulad ni Mark ay nakainom din ang mga ito.

Inihinto ng lalaki ang kotse katabi ng magagarang sasakyan at bumaba. Naiwang nakabukas ang headlights upang magsilbing ilaw. Maliban sa liwanag ng buwan ay madilim ang buong lugar.

Nag-aalinlangang sumunod si Clara at bumaba ng sasakyan. Niyakap niya ang sarili nang umihip ang malamig na simoy ng hangin. At sa bawat sandali ay tumitindi ang kabang kanyang nararamdaman. Gusto niyang tumakbo papalayo, pero kahit na ibuhos niya ang buong lakas niya, hindi niya kakayaning umuwi sa kanilang lugar. Inilibot niya ang

paningin, at nang iangat niya ang tingin ay nakita niya ang talampas kung saan sila namasyal ni Erico.

*Erico, nasaan ka?*

“Clara, come here. Mga kaklase ito ni Jerry sa Maynila,” pakilala ni Mark sa mga naroroon. Walang suot na t-shirt ang mga lalaki. Ang babae naman ay maninipis na swimsuit lamang ang takip sa katawan. And she could not help wondering why they were not freezing; papalapit na ang Disyembre at malamig na ang panahon.

“Mahiyain ang girlfriend mo, Mark. Virgin ka pa ba?” biro ng isang babae na sinegundahan ng tawa ng lahat. Si Jerry naman ay agad na hinapit ang babaeng nagsalita at marahas na hinalikan. Clara winced with the sight, she’s not used to seeing vulgar display of affection.

“Drink this. Para mawala ang hiya mo.” Inaabot ng nobyo ang isang bote ng beer. Napansin niya na marami pang bote sa cooler malapit sa kinatatayuan nila.

“Hindi naman ako umiinom, Mark.” Sa sinabi niyang iyon, natuon sa kanya ang tingin

*Pangarap Ko ang Pag-ibig Mo by Cleo Moreno*

---

ng lahat. Ang mga babae'y tinaasan siya ng kilay sa sinabi niyang iyon.

“Kaya nga kita tuturuan. Sige na, subukan mo.”